MENSAHE SA ESTUDYANTE

Ang pinasiyal na tulong ay *pera* para sa *kolehiyo.* Ito ay ipinagkakaloob ng mga nagbabayad ng buwis ng Estados Unidos upang masigurado na ang *lahat* ng gustong mag-aral sa kolehiyo ay may pinansiyal na kakayahan na bayaran ang kanilang mga gastos sa kolehiyo.

Ang pinansiyal na tulong ay isa ring *pagtutulungan* ninyo –ang estudyante—at kolehiyong nagkakaloob ng pera upang tumulong na mabayaran ang mga gastos sa kolehiyo. Kung tumatanggap ka ng pinansiyal na tulong, inaasahan na magpapatala ka sa mga kursong kailangan upang makumpleto ang iyong piniling programa, magsisikap na matuto, at kikilos nang may pananagutan patungo sa pagtupad sa iyong hangaring edukasyon.

Karamihan sa pinansiyal na tulong ay iginagawad sa mga estudyante batay sa kung magkano ang *kailangan.* Ang proseso ng aplikasyon para sa pinansiyal na tulong ay itinatag upang sukatin (sa makatarungang paraan) kung magkano ang kailangan ng bawat estudyante. Marami sa mga tuntuning kaugnay ng pagtanggap ng pinansiyal na tulong ay binuo upang masigurado na ikaw, bilang estudyante, ay tinatrato nang makatarungan at upang igarantiya din na ginagampanan mo ang iyong pananagutan sa *pagtutulungan.*

Ang hanbuk na ito ay ang iyong patnubay ng estudyante sa impormasyon tungkol sa mga programang pinansiyal na tulong sa Diablo Valley College. Mangyaring basahin itong mabuti para maging pamilyar ka sa proseso ng pag-aplay para sa pinansiyal na tulong, malaman kung ano ang mga programa, at maintindihan na dapat kang manatiling karapat-dapat tumanggap ng tulong habang kinukumpleto ang isang programa rito.

Naiintindihan namin na ang mga tuntunin na namamahala sa mga programang pinansiyal na tulong ay puwedeng maging kumplikado kung minsan. Gayunman, ang mga tauhan ng Diablo Valley College Financial Aid Office (Opisina sa Pinansiyal na Tulong) ay nakahandang sagutin ang iyong mga katanungan at magbigay ng espesyal na tulong kung kailangan mo ito at kung kailan mo kailangan ito.

Mangyaring pumunta sa Financial Aid Office sa Business Education Building – Unang Palapag o tawagan kami sa (925) 685-1230 Ext. 2290 o 2363. Ikatutuwa naming tulungan ka. Ipagbigay-alam sa amin kung kailangan mo ng tulong bilang isang estudyanteng hindi nagsasalita ng Ingles. Makakagawa kami ng pakikipag-ayos upang magbigay ng impormasyon sa iyong katutubong wika.

Brenda Jerez
Direktor, Mga Programang Pinansiyal na Tulong

MGA ORAS:

Lunes*	8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Martes*	8:00 a.m. hanggang 07:00:00 p.m.
Miyerkules*	8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Huwebes*	8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Biyernes	8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Mga Oras sa Tag-init:	**Mayo 27, 2003 – Hulyo 31, 2003**
Lunes†	8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Martes†	8:00 a.m. hanggang 07:00:00 p.m.
Miyerkules†	8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Huwebes†	8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Biyernes	SARADO

*Sa mga semestre ng Taglagas at Tagsibol ng bawat taon ng pag-aaral, magbubukas kami isang linggo bago ang bawat semestre at dalawang linggo sa loob ng bawat semestre mula 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Lunes hanggang Huwebes, at 8:00 a.m. hanggang 4:30 p.m. sa araw ng Biyernes.

† Sa tatlong linggo sa semestre ng Tag-init ng bawat taon ng pag-aaral, magbubukas kami mula 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Lunes hanggang Huwebes.

ANO ANG PINANSIYAL NA TULONG?

Ang Pinansiyal na Tulong ay makukuha sa anyo ng *gawad* (regalong tulong), *utang* (na dapat bayaran), at *mga trabaho* na ipinagkakaloob ng Diablo Valley College sa mga estudyanteng nagpakita ng pangangailangan ng pinansiyal na tulong. Upang ipakita ang pangangailangan, ang mga estudyante ay dapat kumumpleto at magsumite ng kinakailangang mga aplikasyon.

Ang pinansiyal na tulong ay ginagamit upang bayaran ang sapilitang mga fee, libro, transportasyon, silid at pagkain, at ibang mga may kaugnayan sa edukasyon na mga gastos mo bilang estudyante habang pumapasok sa Diablo Valley College. Ang mga estudyante ay dapat magpaenrol sa Diablo Valley College para sa karamihan ng kanilang yunit ng Contra Costa Community

College District (Distrito ng Kolehiyong Pangkomunidad ng Contra Costa [CCCCD]) upang makatanggap ng pinansiyal na tulong sa Diablo Valley College.

Pagiging Karapat-dapat ng Estudyante…

Upang ituring na karapat-dapat sa at tumanggap ng Federal na pinansiyal na tulong at karamihan sa pinansiyal na tulong ng Estado, ang isang aplikante ay dapat na:

- Isang Mamamayan ng Estados Unidos o isang karapat-dapat na hindi-mamamayan (permanenteng residente, residenteng banyaga, refugee, at asylee). TALA: Ang mga programa ng Estado ng California ay maaaring may hindi gaanong mahigpit na hinihinging paninirahan para sa mga hindi mamamayan ng Estados Unidos.
- Magpaenrol o maging karapat-dapat magpaenrol sa Diablo Valley College;
- Nakumpleto ang proseso ng pagmatrikula na binubuo ng pagsusulit, paglalagay, pag-unawa sa kolehiyo, at pagpapayo.
- Magpaenrol para sa isang digri, sertipiko, o karapat-dapat na programang paglipat TALA: Ang pagpapaenrol sa isang programa na may intensiyong lumipat sa ibang kolehiyong pangkomunidad ay HINDI karapat-dapat;
- Gumawa ng kasiya-siyang programa sa pag-aaral alinsunod sa patakaran ukol sa pinansiyal na tulong;
- May pinansiyal na pangangailangan na ipinakita sa pamamagitan ng aplikasyon sa Free Application for Federal Student Aid (Libreng Aplikasyon para sa Federal na Tulong sa Estudyante [FAFSA]);
- Ang mga lalaki ay dapat na nakarehistro sa Selective Services (Mga Mapipiling Serbisyo), kung ipinag-uutos ng batas;
- May diploma ng mataas na paaralan, isang GED (General Equivalency Diploma), ang katumbas ng mga ito, o pumasa sa isang iksamen ng kakayahang makinabang mula sa Assessment Center (Sentro ng Pagtasa);
- Hindi umiwas sa pagbabayad sa Federal na utang sa estudyante o walang utang sa Federal na gawad sa estudyante;
- Magbigay ng tumpak na Social Security Number (Numero ng Seguridad Sosyal) at pangalan.

PAANO AKO MAG-AAPLAY PARA SA PINANSIYAL NA TULONG?

Lahat ng aplikante ng pinansiyal na tulong ay dapat kumumpleto ng mga partikular na porma. Karamihan sa mga porma ng aplikasyon ay dapat makumpleto para sa taon ng gawad. May mga estudyante na maaaring mangailangang kumumpleto at magsumite ng mas maraming porma kaysa iba, depende sa kanilang mga indibidwal na kalagayan. Ang isang pakete ng mga materyal ukol sa aplikasyon at mga tagubilin ay makukuha sa Financial Aid Office (Opisina ng Pinansiyal ng Tulong), simula sa Enero bago ang bawat taon ng gawad. Ang sumusunod ay isang listahan ng kinakailangang mga aplikasyon at porma.

FREE APPLICATION FOR FEDERAL STUDENT AID (FAFSA)

Lahat ng aplikante para sa pinansiyal na tulong ay dapat kumumpleto ng Free Application for Federal Student Aid (FAFSA). Ang FAFSA ay kumukulekta ng impormasyon tungkol sa pamilya at pananalapi ng estudyante. Kapag ang FAFSA ay nakumpleto at ipinadala sa Federal na tagaproseso, ang impormasyong ito ay padadaanin sa *pormula sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat* at ang isang Expected Family Contribution (Inaasahang Kontribusyon ng Pamilya [EFC]) ay kinakalkula. Ang isang Student Aid Report (Ulat Tungkol sa Tulong sa Estudyante [SAR]) ay ipapakoreo pabalik sa estudyante. Ang estudyante ngayon ay dapat kumuha ng SAR sa Diablo Valley College Financial Aid Office, kung saan ang isang gawad na pinansiyal na tulong ay maihahanda.

RENEWAL FAFSA (Opsiyonal na Aplikasyon)

Sa ikalawa o kasunod na (mga) taon ng aplikasyon, ang isang Renewal FAFSA (Pagpapanibagong FAFSA) ay ipapadala sa estudyante ng Federal na tagaproseso. Ang anyo ng Renewal FAFSA ay tulad ng SAR at hinihingi sa estudyante na isapanahon ang impormasyon mula sa naunang taon. Ang pagkumpleto at pagpapakoreo ng Renewal FAFSA ay magreresulta sa isang kasalukuyang taong SAR na ipapakoreo sa estudyante. Ang mga Renewal FAFSA ay ipinakokoreo sa mga estudyante sa buwan ng Nobyembre. Kung ang isang estudyante ay hindi tumanggap ng Renewal FAFSA, puwede mong gamitin ang aplikasyon para sa FAFSA upang muling mag-aplay para sa darating na taon.

FAFSA on the WEB (Opsiyonal na Aplikasyon)

Ang mga estudyante ay puwede ring mag-aplay sa Internet sa *www.fafsa.ed.gov*. Ang unang-pagkakataong mga aplikante sa web ay kailangang maglimbag at magsumite ng isang pirmang pahina. Ang mga estudyanteng nag-aplay sa pamamagitan ng elektroniko sa mga kasunod na taon ay hindi kailangang maglimbag at magsumite ng karagdagang pirmang pahina.

STUDENT AID REPORT (SAR)

Ang pagproseso ng FAFSA ay pangkararniwang umaabot ng apat hanggang anim na linggo. Ang isang SAR ay ipapakoreo sa iyong tirahan. Ang SAR ay ang iyong paunawa na ang FAFSA ay naproseso na. Kapag natanggap ang SAR, ito ay dapat suriin para sa katumpakan at saka dalhin sa Financial Aid Office para marepaso.

MGA TRANSCRIPT NG PAG-AARAL

Ang mga estudyanteng lumilipat sa Diablo Valley College mula sa isang kolehiyo o unibersidad sa labas ng Contra Costa Communit College District ay dapat ding magtaglay ng *nakasara, opisyal* na mga transcript na ipinadala sa Diablo Valley College Admissions Office (Opisina sa Pagtanggap) mula sa lahat ng pinasukang kolehiyo at unibersidad. **Ang mga transcript ay dapat suriin at ipahayag ng isang Kinatawan sa Pagtanggap bago mapagpasiyahan ang salapi at pagiging karapat-dapat.**

PAGTASA NG KAKAYAHANG MAKINABANG

Ang mga Estudyanteng walang diploma ng mataas na paaralan, GED, o katumbas, ay dapat kumuha ng pagtasang iksamen upang masigurado na sila ay makikinabang mula sa kurikulum ng Diablo Valley College. Kung kailangan mong kumuha ng Ability to Benefit Test, mangyaring kontakin ang Assessment Center sa (925) 685-1230 Ext. 2545 para sa mga oras ng iksamen.

IBANG MGA PORMA AT DOKUMENTO

May mga partikular na bilang ng mga estudyante na kailangang beripikahin bawat taon ang impormasyong ibinibigay nila sa FAFSA. Hihingin sa mga estudyanteng ito na magsumite ng karagdagang impormasyon pagkaraang matanggap ang datos ng SAR at marepaso ng Financial Aid Office. Laging mag-ingat ng mga kopya ng mga porma ng buwis na isinumite mo at ng iyong pamilya sa Internal Revenue Service (Serbisyo ng Rentas Internas), dahil ang mga kopya ng mga ito ay hihilingin kung ang iyong aplikasyon ay napiling beripikahin. Ang mga telefiler ay kailangang magsumite ng pirmadong kopya ng worksheet na ginamit upang magharap sa pamamagitan ng telepono.

Ang Financial Aid Office ay maaari ring mangailangan ng mga kopya ng mga dokumento ng INS (Immigration and Naturalization Service[Serbisyo sa Imigrasyon at Naturalisasyon]) upang maberipika ang kalagayan bilang hindi-mamamayan, maberipika ang pagpaparehistro sa Selective Services, isang kopya ng Social Security Card ng estudyante, at/o isang Verification Worksheet (Papel para sa Pagberipika). Pasasabihan ka ng Financial Aid Office kung kinakailangan ang karagdagang impormasyon upang makumpleto ang iyong file. Ang lahat ng ibang mga pormang ito ay isinusumite nang deretso sa Financial Aid Office. HUWAG IPAPAKOREO ANG MGA ITO SA FEDERAL NA TAGAPROSESO KASAMA NG IYONG FAFSA.

ANO ANG MGA HULING-ARAW?

MGA HULING-ARAW SA FEDERAL NA TULONG

Maaari kang magharap ng iyong FAFSA o Renewal FAFSA kahit kailan pagkaraan ng Enero 1 para sa mga susunod na semestre ng Taglagas at Tagsibol. Ang mga pondo ng pinansiyal na tulong, gayunman, ay limitado sa Federal Supplemental Educational Opportunity Grant (Federal na Suplementong Kaloob na Pagkakataong Pang-edukasyon [FSEOG]) at sa Federal Work-Study (Federal na Trabaho-Pag-aaral [FWS]). Upang masigurado na ang iyong aplikasyon ay isinasaalang-alang para sa mga ganitong uri ng federal na tulong, ang FAFSA ay dapat kumpletuhin nang hingi lalampas sa **ika-2 ng Marso** bago ang taon ng paggawad ng pinansiyal na tulong na inaaplayan mo. Halimbawa, ang mga aplikasyon para sa 2003-2004 na taong pampaaralan ay dapat iharap bago lumampas ang **ika-2 ng Marso, 2003**. Kung ang mga pondo ay manatili pagkatapos gawaran ang mga estudyanteng nakatugon sa mga huling-araw, ang Financial Aid Office ay patuloy ng gagawa ng mga gawad batay sa unang nag-aplay.

Ang mga aplikasyon para sa mga pondo ng pinansiyal na tulong na hindi limitado, tulad ng Federal Pell Grants at Federal Stafford Loans, ay puwede pa ring iharap sa taning ng Tagsibol ng taon ng gawad. Ang lubos na huling-araw sa paghaharap ng FAFSA para sa Federal Pell Grant ay sa katapusan ng bawat taon ng pag-aaral sa buwan ng Mayo. Ang isang balidong SAR (o ISIR) ay dapat matanggap bago lumampas ang huling araw ng pagpasok para sa takdang panahon ng Tagsibol. Ang

mga aplikasyon para sa Federal Stafford ay tinatanggap hanggang ika-1 ng Oktubre ng taon ng gawad para sa takdang panahon na Taglagas at ika-9 ng Abril para sa taon ng gawad para sa takdang panahon ng Tagsibol.

MGA HULING-ARAW SA CAL GRANT

Ang ika-2 ng Marso ay ang **huling-araw ng priyoridad** sa pag-aaplay para sa Cal Grant. Upang mag-aplay para sa Cal Grant, ang isang estudyante ay dapat magsumite pareho ng isang FAFSA sa federal na tagaproseso ng tulong at isang Cal Grant GPA Verification Form sa California Student Aid Commission (Komisyon sa Tulong sa Estudyante ng Californnia). Gayunman, ang mga estudyante ng Kolehiyong Pangkomunidad na hindi nakaabot sa huling-araw na ika-2 ng Marso ay magkakaron ng isang **sekundaryong** huling-araw na ika-3 ng Setyembre.

PAANO TUMATAKBO ANG PINANSIYAL NA TULONG?

TSART NG DALOY NG PINANSIYAL NA TULONG

ANONG MGA URI NG PINANSIYAL NA TULONG ANG PUWEDE KONG MATANGGAP?

MGA KALOOB (GRANT)

Ang mga kaloob ay regalong tulong na hindi kailangang bayaran. Ang mga kaloob ay pangkaraniwang nakaserba sa mga estudyanteng may pinakamataas na pangangailangang pinansiyal. Sa mga programang kaloob na makukuha sa Diablo Valley College ay kabilang ang:

FEDERAL PELL GRANT

Ang mga estudyante ay awtomatikong isinasaalang-alang sa Federal Pell Grant kapag nagharap sila ng FAFSA. Ang impormasyong iniuulat sa FAFSA ay ginagamit upang kalkulahin ang Expected Family Contribution (o EFC), na isang pagsukat ng pinansiyal na lakas ng bawat estudyante at ng kanyang pamilya. Ang EPC ay ginagamit upang ipasiya ang pagiging karapat-dapat ng mga estudyante para sa federal na tulong sa estudyante. Kung ang EFC ay naging mas mababa sa isang partikular na bilang, na nagbabago sa bawat taong taon ng pag-aaral, ang mga estudyante ay maaaring maging kuwalipikado sa Federal Pell Grant. Ang mga estudyante ay maaaring tumanggap ng isang Federal Pell Grant para sa pagpapaenrol sa isa o higit na yunit, depende sa EFC. Gayunman, ang mga gawad sa mga estudyanteng nakaenrol nang kulang sa buong-panahon (12 yunit) ay isinaaalang-alang batay sa kanilang katayuan sa pagpapaenrol.

FEDERAL SUPPLEMENTAL EDUCATIONAL OPPORTUNITY GRANT (FSEOG)

Ang FSEOG ay isang kaloob na gawad na ginagawa ng Diablo Valley College sa mga estudyanteng may natatanging pangangailangan. Dahil ang mga pondo ay limitado, ang mga estudyanteng nag-aplay nang maaga at karapat-dapat sa Federal Pell Grant ay tatanggap ng unang priyoridad sa pagsaaalang-alang para sa FSEOG. Ang mga estudyante ay awtomatikong isinasaalang-alang para sa FSEOG kapag nakumpleto nila ang FAFSA bago lumampas ang huling-araw ng priyoridad na ika-2 ng Marso. Ang mga gawad para sa kulang sa buong-panahon (12 yunit) ay isinasaalang-alang batay sa antas ng pagpapaenrol.

Huling-araw ng aplikasyon sa priyoridad: *Ika-2 ng Marso*

BOARD OF GOVERNOR'S WAIVER (BOGW)

Ang Estado ng California ay nag-aalay ng BOGW para sa mga residente ng California na karapat-dapat sa pinansiyal na tulong na batay sa pangangailangan. Ang BOGW ay nagbabayad sa pagpapaenrol ng estudyante para sa taon ng pag-aaral sa sandaling ipasiya ang pagiging karapat-dapat. Ang estudyante ay dapat magbayad ng ibang mga fee, tulad ng mga fee sa mga rekord ng DVC, fee sa unyon ng estudyante ng DVC, fee sa pagpaparehistro sa Telepono ng DVC, fee sa permiso sa pagparada, at mga fee sa paghiling ng transcript. Gayunman, ang mga estudyanteng pinagkalooban ng pagtalikdan ng fee ay hindi kinakailangang magbayad ng higit sa $20 para sa kanilang mga permiso sa pagparada, kung ang halaga ng permiso sa pagparada ay higit sa $20, ang estudyante ay karapat-dapat sa isang diskuwento.

Ang mga estudyanteng hindi nag-aplay para sa Federal na pinansiyal na tulong ay maaaring maging kuwalipikado sa BOGW kung nakakatugon sila sa nilinaw ng Estado na mga kinakailangang kita. Ang nilinaw ng Estado na kinakailangang kita ay makukuha sa Financial Aid Office. Kung ang estudyante ay itinuring na independiyente, gagamitin ng paaralan ang kita ng estudyante mula sa naunang taon ng pagbubuwis. Kung ang estudyante ay itinuring na nakadepende, gagamitin ang paaralan ang kita ng magulang ng estudyante mula sa naunang taon ng pagbubuwis. Bilang halimbawa, para sa 2003-2004 na taon ng pag-aaral, ang mga pamantayan ng kita sa 2002 na nilinaw ng Estado ay nakalista sa ibaba.

Bilang sa Sambahayan	Kabuuang Kita ng Pamilya (Isama ang Inaakmang Kabuuan at/o lahat ng Di-Binubuwisang Kita)
1	$13,290 o mas mababa
2	$17,910 o mas mababa
3	$22,530 o mas mababa
4	$27,150 o mas mababa
	Magdagdag ng $4,620 para sa bawat karagdagang nakadepende.

Bilang karagdagan, ang mga estudyante ay puwedeng maging kuwalipikado para sa BOGW kung ang estudyante (kung itinuturing na independiyente) o ang magulang ng estudyante (kung ang estudyante ay itinuturing na nakadepende) ay isang

kasalukuyang tumatanggap ng TANF (AFDC), CalWorks, General Assistance, SSI/SSP, may sertipikasyon mula sa California Department of Veterans Affairs (Kagawaeran ng mga Gawain ng Beterano ng California) o sa National Guard Adjutant General (Ayudante Heneral ng Pambansang Guwardiya), o karapat-dapat sa Congressional Medal of Honor (Medalya ng Karangalan ng Kongreso) o bilang anak ng isang tumatanggap, o nakadepende sa isang biktima ng atake ng terorista noong Setyembre 11, 2001 na sila ay karapat-dapat para sa pagtalikdan sa fee ng mga nakadepende. Ang dokumentasyon ay kinakailangan upang maproseso ang mga pagtalikdan sa fee na pumapatak sa ilalim ng mga kategorya sa itaas.

Ang mga aplikasyon para sa BOGW ay makukuha sa Financial Aid Office. Kung ang isang estudyante ay hindi makatugon sa mga pamantayan ng BOGW na nakalista sa itaas, kailangan niyang magharap ng FAFSA para sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat sa BOGW. **MALAKAS NA INIREREKOMENDA NA ANG ISANG ESTUDYANTE AY MAG-APLAY PARA SA FEDERAL NA TULONG (FAFSA) GAYON DIN SA PROGRAMANG BOGW.**

CAL GRANT A, B, AT C

Ang Cal Grants ay para sa mga residente lamang ng California. Ang mga ito ay ibinibigay ng Californnia Student Aid Commission para sa pagpasok sa mga paaralan ng California. Ang mga gawad ay batay sa pinansiyal na pangangailangan at pagganap sa pag-aaral. Kung karapat-dapat sa Cal Grant A, ang gawad na ito ay inilalagay sa reserba habang pumapasok sa California Community College. Ang mga estudyanteng tumatanggap ng Cal Grant B ay karaniwang ginagawa ito sa pamamagitan ng pag-aaplay sa mataas na paaralan. Ang Cal Grant B ay iginagawad sa mga Nagtapos ng Mataas na Paaralan na hindi pa nakakakumpleto ng kurso sa kolehiyo at sa mga estudyanteng nakakumpleto ng hindi kukulangin sa 16.0 na yunit ng kolehiyo (hindi kasama ang lahat ng mga kursong ESL at hanggang 30 yunit ng panremedyong kurso). Ang mga estudyanteng nag-aaplay para sa Cal Grants ay kailangang makatugon sa mga kinakailangang antas ng kita at mga kinakailangang GPA gaya ng ipinahayag ng California Student Aid Commission sa sumusunod na pahina ng Hanbuk ng DVC. Ang Cal Grant C ay iginagawad sa mga estudyanteng nag-enrol sa mga programang bokasyonal, tulad ng Dental Hygiene Program (Programang Kalusugan ng Ngipin), Early Childhood Development (Maagang Pagpapaunlad ng Bata), Alcohol and Drug Studies (Pag-aaral ng Alkohol at Droga). Mangyaring tingnan ang Katalogo ng Diablo Valley College para sa ibang mga Programang Bokasyonal na iniaalay. Ang mga estudyanteng lumilitaw na karapat-dapat tumanggap ng Cal Grant C ay tatanggap din ng Supplemental Form para kumpletuhin. Bilang karagdagan sa paghaharap ng FAPSA bago lumampas ang huling-araw na ika-2 ng Marso, ang mga estudyanteng nag-aaplay para sa Cal Grant ay dapat ding magharap ng isang GPA Verification Form bago lumampas ang ika-2 ng Marso.. Ang mga estudyante, na nagpaplanong pumasok sa Kolehiyong Pangkomunidad at hindi nakaabot sa huling-araw na ika-2 ng Marso, ay puwedeng mag-aplay para sa Cal Grant sa pamamagitan ng pagsumite ng FAPSA at isang GPA Verification Form hindi lalampas sa ika-3 ng Setyembre. Ang mga estudyante ay dapat na nakaenrol nang hindi kukulangin sa kalahating-panahon (6 na yunit) upang tumanggap ng Cal Grant. Ang mga gantimpala para sa kulang sa buong-panahon (12 yunit) ay isinasaalang-alang batay sa kanilang antas ng pagpapaenrol.

Ang pinakamataas na mga gawad ay:	*Cal Grant B*	*$1,551*
	Cal Grant C	*$ 576*
Huling-araw ng Aplikasyon sa priyoridad:	*Ika-2 ng Marso*	
Huling-araw ng Sekundaryong Aplikasyon sa priyoridad:	*Ika-3 ng Setyembre*	
(Mga estudyante lamang ng Kolehiyong Pangkomunidad)		

Halimbawa, nakalista sa ibaba ang kita sa Cal Grant at Hangganan ng Yaman para sa 2003-2004 na taon ng pag-aaral:

	Cal Grant A at C	Cal Grant B
KITA		
Mga Nakadependeng Estudyante at Independiyenteng Estudyante na may mga nakadepene na hindi asawa		
Sukat ng Pamilya:		
Anim o higit	$77,100	$42,400
Lima	$71,500	$39,200
Apat	$66,700	$35,100
Tatlo	$61,400	$31,500
Dalawa	$60,000	$28,000
Mga Independiyenteng Estudyante		
Walang-asawa, walang nakadepende	$24,500	$24,500
May-asawa, walang ibang nakadepende	$28,000	$28,000
YAMAN		
Mga nakadepenteng estudyante*	$51,600	$51,600
Mga Independiyenteng estudyante	$24,600	$24,600

* Ang mga hangganang ito ay angkop din sa mga independiyenteng estudyante na may nakadependeng hindi asawa.

EXTENDED OPPORTUNITY PROGRAMS AND SERVICES (EOPS)

Ang EOPS ay isang programang pinopondohan ng Estado na nagkakaloob ng mga butser ng libro, mga gawad, at serbisyong pansuporta sa mataas ang pangangailangan, kulang sa pagkakataong mga estudyante na mga residente ng California. Ang pangwakas na pagiging karapat-dapat sa EOPS at CARE (Child Care Reimbursement [Pagbabayad sa Pag-aalaga ng Bata)) ay ipapapasiya at pinag-uugnay sa pamamagitan ng Opisina ng EOPS. Mangyaring kontakin ang Opisina ng EOPS para sa karagdagang impormasyon sa (925) 685-1230 Ext. 2236 o 2366.

MGA ISKOLARSIP

Ang mga iskolarsip ay pinopondohan sa pamamagitan ng mga pribadong organisasyon at indibidwal na handang magbigay ng mga kontribusyon sa tagumpay ng estudyante sa edukasyon. Ang Diablo Valley College ay nag-aalay ng maraming iskolarsip, kabilang ang DVC Scholarship, na binubuo ng daan-daang magkakaibang isponsor sa loob ng isang aplikasyon. Ang aplikasyon sa DVC Scholarship ay itinutugma ang iyong impormasyon sa mga pamantayan ng iba-ibang isponsor. Madalas, ang estudyante ay puwedeng tumanggap ng maraming halagang gawad sa pagkumpleto ng aplikasyon para sa DVC Scholarship. Dahil maraming bilang ng mga iskolarsip, marami sa mga ito ay nakukuha sa magkakaibang petsa at may magkakaibang huling-araw. Mahalagang magtuon ng pansin sa kung kailan ibibigay ang partikular na mga iskolarsip. Ang Scholarship Program Office (Opisina sa Programang Iskolarsip) ay matatagpuan sa Administration Building – Unang Palapag, Silid 116, o puwede mong kontakin ang mga ito sa (925) 685-1230 Ext. 2559.

Hindi lamang ang Diablo Valley College Scholarship Office ang lugar na matitingnan para sa mga iskolarsip. May mga mga librong masasangguni tungkol sa iskolarsip sa karamihan ng mga pampublikong aklatan, kabilang ang Diablo Valley College Library Reference Desk. Maaari ka ring sumangguni sa apendise para sa ilang website ng ibang mga iskolarsip na makukuha (tingnan ang pahina 20).

PAGTATRABAHONG PAG-AARAL

FEDERAL WORK STUDY (FWS)

Ang FWS ay pagtatrabahong tinutustusan ng mga Federal na pondo. Ang mga estudyanteng nag-aplay para sa pinansiyal na tulong bago lumampas ang ika-2 ng Marso ay binibigyan ng priyoridad. Ang mga estudyante ay tumatanggap ng buwanang tseke para sa oras na pinagtrabaho. Ang orasang bayad ay mula $7.37 kada oras hanggang $9.20 kada oras. Ang kabuuang maaaring kitain ng isang estudyante ay depende sa halaga ng gawad ng FWS para sa estudyante, na ipinapasiya ng Financial

Aid Office. Maraming trabaho na idinisenyo upang tulungan ang mga estudyante sa pagkakaloob ng serbisyo sa komunidad. Mangyaring kontakin ang Tagapag-ugnay sa Paglalagay sa Trabaho – Martha Schoonover para sa iba pang impormasyon sa (925) 685-1230 Ext. 2369.

Ang mga gawad ay mula:	*$500 hanggang $8,000*
Huling-araw ng aplikasyon sa priyoridad:	*Ika-2 ng Marso*

CALWORKS WORK STUDY (CWS)

Ang CWS ay trabaho para sa mga tumatanggap ng CalWorks. Ito ay tinutustusan ng mga pondo ng estado. Mangyaring kontakin ang Tagapag-ugnay ng CalWorks – Dona DeRusso para sa iba pang impormasyon sa (925) 685-1230 Ext. 2274 o 2081.

MGA UTANG

Ang mga utang ay mga pondong pinansiyal na tulong na binabayaran ng estudyante pagkatapos na makumpleto ang isang programa ng pag-aaral o tumigil sa pagpasok sa paaralan. Ang mga utang na pang-edukasyon ay may mababang interes at pinahabang panahon ng pagbabayad, na ginagawang mas madaling bayaran kaysa karamihan sa mga utang na hindi pang-edukasyon. Pero dahil ang mga utang ay dapat bayaran mula sa kikitain sa hinaharap, inirerekomenda ng Diablo Valley College na gamitin muna ng mga estudyante ang lahat ng ibang mga posibleng mapagkukunan at humiram ***lamang kapag ito ay lubos na kailangan.***. Dapat malaman ng mga estudyanteng nagpaplanong lumipat sa apat-na-taong mga kolehiyo na ang mga utang ay halos laging ang pinakamalaking bahagi ng isang pakete ng pinansiyal na tulong sa mga kolehiyong ito at dapat ituring na lubos na pagkakautang bago humiram sa Diablo Valley College.

Ang Federal Family Educational Loans (FFEL), na kabilang ang Federal Stafford Subsidized, Federal Stafford Unsubsidized, and PLUS loans, ay may mga fee sa pagsisimula at seguro na 2-7% na ibinabawas sa mga nalikom sa utang bago matanggap ang utang. Ang mga fee na ito ay dapat ding bayaran.

Upang masigurado na alam ng mga estudyante ang lahat ng probisyon at responsibilidad ng paghiram mula sa mga programang utang na pang-edukasyon, lahat ng aplikante ng utang ay dapat dumalo sa isang pulong ukol sa utang na panayam para sa pagpasok bago tumanggap ng unang tseke ng utang, at isang panayam para sa paglabas sa katapusan ng semestre. Bilang karagdagan, ang mga estudyante ay maaaring kinakailangang dumalo sa isang sesyon ukol sa pamamagitan sa pagpigil ng hindi pagbabayad. Ang mga estudyante ay maaaring humiling ng utang sa pamamagitan ng pagkumpleto sa isang porma sa paghiling ng utang, makukuha sa Financial Aid Office.

TINUTUSTUSAN AT HINDI TINUTUSTUSANG FEDERAL NA STAFFORD LOAN

Ang Federal Stafford Loans ay ginagawa sa pamamagitan ng mga institusyong nagpapautang tulad ng mga bangko at unyon ng kredito. Ang mga estudyanteng nakaenrol sa hindi kukulangin sa anim na yunit na nagpakita ng pinansiyal na pangangailangan sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon para sa pinansiyal na tulong ay puwedeng pabayaran (patustusan) ang interes sa mga utang na Federal Stafford ng Federal na pamahalaan habang sila ay nasa paaralan. Ang mga estudyanteng hindi nagpakita ng pangangailangan ng Federal Stafford ay maaari pa ring makautang, gayunman, ang interes ay sisingilin nang tuwiran sa estudyante (hindi tinutustusan). Ang interes sa hindi tinustustusang mga utang ay nagsisimulang madagdagan sa panahon ng pagbibigay ng tseke.

Ang interes sa utang ng Federal Stafford ay nagbabago taun-taon batay sa antas ng Federal Treasury Bill. Ang interes ay hindi hihigit sa 8.25%. Ang buwanang pagbabayad, na nagsisimula anim na buwan pagkaraan ng pagpapaenrol ay tumitigil o bumababa nang mababa sa kalahating-panahon, ay batay sa kabuuang halagang hiniram pero hindi magiging mas mababa sa $60 kada buwan. Bilang karagdagan sa FAFSA, ang utang na ito ay nangangailangan ng isang nakahiwalay na aplikasyon para sa utang.

Taunang Pinakamataas:	*$2,625 hanggang makumpleto ang 30 yunit* *$3,500 pagkatapos makumpleto ang pinakamababang 30 yunit*
Tinatanggap ang mga Aplikasyon:	*Hanggang ika-31 ng Oktubre para sa takdang panahon ng Taglagas;* *Hanggang ika-9 ng Abril para sa takdang panahon ng Tagsibol.*

Halimbawa ng Tinutustusang Pagbabayad ng Federal Stafford

Halaga Utang $	Buwanang Bayad	Kabuuang Interes	Kabuuang Babayaran
$ 2,625	$ 53	$ 569	$ 3,194
$ 5,250	$ 82	$1,624	$ 6,874
$ 8,000	$ 97	$3,647	$11,647
$12,000	$146	$5,471	$17,471

FEDERAL NA KARAGDAGANG HINDI TINUTUSTUSANG STAFFORD LOAN

Ang Federal Additional Unsubsidized Stafford Loans, tulad ng Subsidized Federal Stafford Loans, ay ginagawa sa pamamagitan ng mga institusyong nagpapautang. Ang mga estudyante lamang na itinuturing na independiyente ang maaaring mag-aplay para sa ganitong uri ng Federal Stafford. Dahil ang mga ito ay mas magastos na mga utang, na may interes na nadaragdagan habang ang estudyante ay nasa paaralan, malakas na ipinapayo ng Diablo Valley College na huwag humiram sa pamamagitan ng programang ito. Dapat gamitin ng mga estudyante ang lahat ng ibang mga mapagkukunan at ipakita na ang pagpapaenrol ay hindi makakapagpatuloy kung wala ang mga pondo ng karagdagang utang. Ang mga aplikante ay dapat ding mag-aplay para sa Subsidized Federal Stafford Loans bago mag-aplay para sa ganitong uri ng Federal Stafford. Ang antas ng interes para sa ganitong utang ay nag-iiba, nagbabago taun-taon, pero hindi hihigit sa 8.25%. Ang mga estudyanteng nagsasaalang-alang ng karagdagang hindi tinustusuang Federal Stafford ay dapat makipagtipan sa tagapag-ugnay ng utang para sa karagdagang pagpapayo tungkol sa utang.

Taunang Pinakamataas: *$4,000*
Tinatanggap ang mga Aplikasyon: *Hanggang ika-31 ng Oktubre para sa takdang panahon ng Taglagas*
Hanggang ika-9 ng Abril para sa takdang panahon ng Tagsibol

FEDERAL NA UTANG PARA SA MAGULANG PARA SA MGA MGA DI-GRADWADONG ESTUDYANTE (PLUS)

Ang mga utang na Federal PLUS ay mga utang na ginagawa sa pamamagitan ng mga institusyong nagpapautang. Ang pagbabayad at pagdagdag ng interes ay nagsisimula sa araw ng pagbibigay ng tseke. Ang antas ng interes ay nag-iiba at nagbabago taun-taon, pero hindi hihigit sa 9% para sa mga bagong umuutang.

Taunang Pinakamataas: *$4,000*
Tinatanggap ang mga Aplikasyon: *Hanggang ika-31 ng Oktubre para sa takdang panahon ng Taglagas*
Hanggang ika-9 ng Abril para sa takdang panahon ng Tagsibol

PATAKARAN SA UTANG NG DIABLO VALLEY COLLEGE

Sa pagsisikap na bawasan ang bilang ng *hindi pagbabayad ng utang ng estudyante* at ibaba ang antas ng *pagkakautang ng estudyante*, ang Diablo Valley College (DVC) ay magpapatupad ng sumusunod na patakaran sa utang para sa 2003-2004 na taon ng pag-aaral.

ANG PILOSOPIYA SA UTANG NG ESTUDYANTE NG DIABLO VALLEY COLLEGE

Habang ang Diablo Valley College ay naniniwala na ang mga utang ng estudyante ay isang mahalagang bahagi ng mga programang federal na tulong, kami ay lubos na nag-aalala tungkol sa hindi pagbabayad ng estudyante sa utang at mataas na pagkakautang ng estudyante. Dahil dito, tuwing magagawa, hinihimok namin ang mga estudyante na piliin ang trabaho-pag-aaral o trabaho sa labas ng kampus sa halip ng mga utang ng estudyante. Bilang karagdagan, hihimukin namin ang mga estudyante na humiram ng kaunti lamang hangga't magagawa sa antas ng kolehiyong pangkomundidad, kung saan ang mga gastos sa edukasyon ay mas mababa sa apat-na-taong mga kolehiyo at unibersidad.

APLIKASYON PARA SA UTANG: Probasyon o Pagsuspinde

Ang Diablo Valley College ay hihingi ngayon sa mga aplikante para sa utang na magsumite ng isang nakasulat na kahilingan para sa mga utang ng estudyante. Ang mga kahilingan para sa utang ay isasaalang-alang batay sa kaso at batay sa taon. Dahil ang pananaliksik ay nagpakita na ang estudyante na may mga problema sa pagsulong sa pag-aaral ay mas malamang na

hindi makabayad, ang pagsulong ng estudyante sa pag-aaral (kawalan nito) ay magkakaroon ng mahalagang bahagi sa pagpapasiya ng kahilingan para sa utang. Sa ilang kaso, ang kahilingan ng estudyante ay maaaring aprubahan, pero ang halaga ng utang ay maaaring bawasan.

PAG-APRUBA SA MGA UTANG

Ang estudyante na ang mga kahilingan para sa utang ay inaprubahan ay padadalhan ng papel ng impormasyon na may mga petsa at oras ng pulong sa pagpasok ukol sa utang. Sa panayam sa pagpasok ukol sa utang, ang isang Kinatawan ng Nagpapautang ay magkakaloob sa estudyante ng mahalagang impormasyon tungkol sa pagpapabayad at pag-antala ukol sa utang. Bilang karagdagan, ang Kinatawan ng Nagpautang ay tatanggap ng kinumpletong aplikasyon ng estudyante para sa utang. Ang aplikasyon para sa utang ay sesertipikahan ng Diablo Valley College Financial Aid Office at ipapadala sa Nagpautang.

MGA PANAYAM TUNGKOL SA PAGLABAS SA UTANG

Upang masigurado na ang humihiram na estudyante ay lubos na may kaalaman tungkol sa pagbabayad ng utang at pag-antala, ang mga tumatanggap ng utang ay kailangang dumalo sa isang panayam tungkol sa paglabas sa utang para sa bawat semestre na namamalagi silang nakaenrol sa Diablo Valley College.

MGA KARAGDAGANG PATNUBAY

1. Ang mga estudyante, na ang mga kahilingan para sa utang para sa isang Stafford Loan ay inaprubahan para sa taon ng pag-aaral sa Takdang Panahon ng Taglagas at saka pumunta sa Financial Aid Probation para sa Takdang Panahon ng Tagsibol (bago nasertipikahan ang kanilang mga aplikasyon para sa utang), ay hindi sesertipikahan ang mga aplikasyon para sa utang. Kakailanganin nilang muling magsumite ng porma ng "kahilingan para sa utang"

2. *Ang unang pagkakataong* humihiram ng Stafford Loan sa unang *taon* ng kanilang programa sa pag-aaral ay dapat maghintay ng 30 araw sa kanilang unang semestre upang makatanggap ng kanilang unang tseke. Bilang karagdagan, hihingin sa kanila na magkaroon ng espesyal na pulong para sa impormasyon tungkol sa utang ng "unang-pagkakataong humihiram: sa Direktor ng Pinansiyal na Tulong bago ilabas ang unang tseke.

3. Ang mga estudyante sa DVC na nakatipon ng halos $10,000 o higit na utang ng estudyante ay kinakailangang magkaroon ng sesyong pamamagitan para mapigilan ang hindi pagbabayad upang maintindihan ang limitasyon sa utang para sa mga pag-aaral na di-gradwado.

PAANO IPINAPASIYA ANG PAGIGING KARAPAT-DAPAT KO?

May apat ng pangunahing hakbang na ginagamit upang ipasiya kung magkanong pinansiyal na tulong ang maaari mong matanggap. Ang mga hakbang na ito ay:

HAKBANG 1 – PAG-ALAM SA IYONG EXPECTED FAMILY CONTRIBUTION (EFC)

Ang inaasahang kontribusyon ng pamilya ay ang halagang inaasahang magagawa mo (at ng iyong pamilya, kung ikaw ay nakadepende) na itulong sa iyong mga gastos na pang-edukasyon habang ikaw ay nasa paaralan. Ito ay kinakalkula mula sa FAFSA na isinumite mo sa Federal na tagaproseso. Ang pagkalkula upang ipasiya ang iyong indibidwal na kontribusyon ng pamilya ay batay sa pananalapi at iba pang impormasyon na ibinigay mo para sa iyo at sa iyong pamilya. Ang kontribusyong ito ay ibinabawas mula sa iyong badyet ng estudyante kapag ipinapasiya ang halagang ipagkakaloob sa iyo. Kung ikaw ay itinuturing na ***Independiyenteng Estudyante***, ang iyong impormasyon lamang (at ang iyong asawa, kung may-asawa ka) ang gagamitin upang kalkulahin ang inaasahang kontribusyon ng pamilya. Kung ikaw ay isang ***Nakadependeng Estudyante***, ang impormasyon tungkol sa kita mo at ng iyong magulang ay gagamitin din.

Ikaw ay itinuturing na isang ***Independiyenteng Estudyante*** kung ang isa sa mga sumusunod ay angkop sa iyo?

- Ikaw ay hindi kukulangin sa 24 taong gulang;
- Ikaw ay may-asawa;
- Ikaw ay may legal na nakadepende;
- Ikaw ay beterano ng Hukbong Sandatahan;
- Ikaw ay nasa pangangasiwa ng korte o ang pareho ng mga magulang mo ay patay na.

Ikaw ay itinuturing na isang ***Nakadependeng Estudyante*** at dapat magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong mga magulang sa FAPSA kung WALA sa mga kondisyon sa itaas na angkop sa iyo.

HAKBANG 2 – PAGPAPASIYA NG BADYET NG ESTUDYANTE

Ang isang pangkaraniwang badyet ng estudyante ay binubuo para sa lahat ng tumatanggap ng pinansiyal na tulong, na kabilang ang pangkaraniwang mga gastos na kaugnay ng pagpasok sa Diablo Valley College. Ang Financial Aid Office, gamit ang impormasyong ipinagkaloob ng California Student Aid Commission at ng Chancellor's Office para sa mga Kolehiyong Pangkomunidad ng California ay bumubuo ng pangkaraniwang mga gastos ng estudyante para sa iba-ibang kategorya sa mga badyet.

Ang pangkaraniwang mga badyet ng estudyante ay binubuo na isinasaalang-alang ang magkakaibang gastos para sa tatlong kategorya ng estudyante: sumusuporta sa sarili, hindi sumusuporta sa sarili, kulang sa kalahating panahon. *(Ang mga badyet sa kulang sa kalahating panahon ay ginagamit upang ipasiya ang pagiging karapat-dapat sa Federal Pell lamang.)* Ang nasa ibaba ay isang halimbawa ng badyet ng estudyante para sa 2003-2004 na taon ng pag-aaral:

	Nakatira sa mga Magulang	Lahat ng Iba
Mga Libro at Gamit	$ 1,224	$ 1,206
Silid at Pagkain	$ 3,178	$ 8,586
Transportasyon	$ 828	$ 936
Personal na Karanasan	$ 2,286	$ 2,286
Mga Fee sa Pagpapaenrol	$ 306	$ 306
Kabuuan	$ 7,822	$13,338

(TALA: Ang buong-panahong hindi residente ng California ay may karagdagangl $3,702 sa tuition na idinaragdag sa badyet.)

ANG PAG-AAKMA SA BADYET ay awtomatikong ginagawa upang magdagdag ng karagdagang tuition para sa mga estudyanteng hindi residente at karagdagang mga fee para sa mga estudyante kapag angkop. Ang mga estudyante ay maaaring humiling ng mga pag-aakma kapag sila ay may mga karagdagang gastos para sa (hindi pinagpapasiyahang) mga gastos tulad ng pag-aalaga ng bata, hindi nakasegurong gastos na medikal at dental, karagdagang mga gamit o kasangkapan para sa kanilang mga programa na higit sa pangkaraniwang badyet, at mga karagdagang gastos na may kinalaman sa isang kapansanan na hindi binabayaran ng isang panlabas na ahensiyang nagpopondo. **ANG DOKUMENTASYON AY KINAKAILANGAN.**

HAKBANG 3 – PAGPAPASIYA NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA PINANSIYAL NA TULONG

Kapag ang Financial Aid Office ay nagpasiya ng tumpak na inaasahang kontribusyon ng pamilya, binabawas nito ang kontribusyon ng pamilya (EFC) mula sa pangkaraniwang badyet ng estudyante.. Ang resulta ay ang halaga ng pinansiyal na tulong na karapat-dapat tanggapin ng estudyante.

		MGA GASTOS NG ESTUDYANTE (badyet ng estudyante)
(babawasin ang)	-	INAASAHANG KONTRIBUSYON NG PAMILYA NG ESTUDYANTE
(magiging)	=	PAGIGING KARAPAT-DAPAT NG ESTUDYANTE SA PINANSIYAL NA TULONG

HAKBANG 4 – PAGPAKETE NG PINANSIYAL NA TULONG

Sa sandaling pagpasiyahan ng pagiging karapat-dapat ng estudyante sa pinansiyal na tulong, ang Financial Aid Office ay isasama muna ang lahat ng kaloob na pondo na karapat-dapat tanggapin ng estudyante sa pakete ng gawad. Kung may natitirang pangangailangan at ipinabatid ng estudyante na tatanggap siya ng trabaho, ang Diablo Valley College ay magpapakete ng Federal Work Study – kung may makukuhang pondo. Ang Federal Stafford Loans ay hindi ipapakete para sa mga estudyanteng nasa Probasyon. Ang mga estudyanteng humihiling ng utang ay kailangang magsumite ng "Loan Request Form". Ang mga kahilingan ay aaprubahan batay sa kaso. (Tingnan ang: Patakaran sa Utang ng Diablo Valley College.) Ang mga estudyanteng nag-aaplay bago ang "huling-araw ng priyoridad" ay uunahing isaaalang-alang para sa SEOG at Federal Work Study.

PAANO KUNG AKO AY MAY NATATANGING KALAGAYAN?

Ang proseso ng pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat sa pinansiyal na tulong ay gumagamit ng mga pangkaraniwang pormula at pangkaraniwang mga badyet ng estudyante. Tinatanggap ng Financial Aid Office na may mga estudyante na may hindi pangkaraniwan, natatanging kalagayan na maaaring hindi lumitaw sa pangkaraniwang proseso ng pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat. Ang mga Estudyanteng may natatanging kalagayan ay hinihimok na kontakin ang Financial Aid Office para sa pagrepaso ng kanilang pakete ng pinansiyal na tulong na batay sa mga indibidwal na kalagayan. **ANG MGA ESTUDYANTE AY DAPAT MAGDALA NG MGA RESIBO O IBANG DOKUMENTASYON NG HINDI PAGKARANIWANG KALAGAYAN.**

KAILAN AT PAANO MALALAMAN KUNG MAGKANO ANG PINANSIYAL NA TULONG NA MATATANGGAP KO?

PAUNAWA NG GAWAD

Ang Financial Aid Office ay karaniwang nagsimula magpaunawa sa mga estudyanteng nakaabot sa huling-araw ng aplikasyon sa priyoridad na ika-2 na Marso ng mga halaga at uri ng gawad sa kanila sa huling bahagi ng tag-init. Ang mga aplikasyong natanggap pagkaraan ng huling-araw sa priyoridad ay inaayos batay sa kung sino ang nauna. **ANG PAUNAWA NG GAWAD AY KARANIWANG UMABOT NG APAT HANGGANG ANIM NA LINGGO MULA SA ARAW NA ANG KUMPLETONG APLIKASYON NG ESTUDYANTE AY ISINUMITE SA FINANCIAL AID OFFICE.**

HALIMBAWANG PAKETE NG GAWAD

Mangyaring tandaan na ang pagiging karapat-dapat para sa Cal Grant o Cal Grant C, ibang mga iskolarsip, at/o mga utang ng estudyante ay magiging karagdagan sa halimbawang mga pakete ng gawad. Gayunman, dahil ang karamihan sa mga gawad na pinansiyal na tulong ay batay sa pangangailangan, ang iyong kabuuang pakete ng gawad ay hindi puwedeng humigit sa iyong kabuuang pinansiyal na pangangailangan. Patakaran ng Financial Aid Office na bawasan ang mga gawad na unang utang, at saka ang mga gawad ng Work-Study, at panghuli, ang mga gawad ng FSEOG upang mapigilang sumobra ang gawad sa estudyante.

Nakatira Sa Mga Magulang

	Nasa Panahon		Huli	
	Mataas na Pangangaila-ngan	***Kainamang Pangangaila-ngan***	***Mataas na Pangangaila-ngan***	***Kainamang Pangangaila-ngan***
Pell	$ 4,050	$ 2,025	$ 4,050	$ 2,025
SEOG	$ 800	$ 800	$ 800	$ 800
BOG Waiver	$ 306	$ 306	$ 306	$ 306
FWS	$ 2,656	$ 3,000	$ 2,656	$ 3,000
Kabuuan	$ 7,822	$ 6,131	$ 7,822	$ 6,131

Lahat ng Iba

	Nasa Oras		Huli	
	Mataas na Pangangaila-ngan	***Kainamang Pangangaila-ngan***	***Mataas na Pangangaila-ngan***	***Kainamang Pangangaila-ngan***
Pell	$ 4,050	$ 2,025	$ 4,050	$ 2,025
SEOG	$ 800	$ 800	$ 800	$ 800
BOG Waiver	$ 306	$ 306	$ 306	$ 306
FWS	$ 3,000	$ 3,000	$ 3,000	$ 3,000
Kabuuan	$ 8,156	$ 6,131	$ 8,156	$ 6,131

PAANO AT KAILAN KO AKTUWAL NA MATATANGGAP ANG PINANSIYAL NA TULONG SA AKIN?

PAGBERIPIKA NG PAGPAPAENROL

Dahil ang mga halaga ng pinansiyal na tulong na ipinagkaloob sa iyo ay maaaring magbago depende sa dami ng yunit na nakaenrol ka, ang Financial Aid Office ay nagtatakda ng aktuwal na pagbibigay ng mga tseke ng pinansiyal na tulong pagkatapos maberipika ang pagpapaenrol. Para sa Federal Pell, FSEOG, at Cal Grant, ang antas ng pagpapaenrol ng estudyante para sa takdang panahon ay batay sa aktuwal na pagpapaenrol ng estudyante sa panahon ng pagbabayad.

PAGBIBIGAY

PELL GRANT at SEOG Awards

Simula sa Taglagas ng 2002, ang pagbibigay ng pinansiyal na tulong ng estudyante para sa estudyanteng nakaenrol sa **simula** ng takdang panahon para sa buong-kahabaan ng mga kurso ay ang mga sumusunod:

- 25% ng pagiging karapat-dapat ng estudyante sa pinansiyal na tulong ay ibigay sa unang linggo ng takdang panahon ng paaralan.
- Ang kinakulang pinansiyal na tulong, ibinawas ang unang paghuhulog, ay ibibigay sa ika-5 linggo ng takdang panahon. Ang pag-aakma ng pagbibigay ay gagawin alinsunod sa pagpapaenrol sa petsa ng pagkalkula ng gawad.

Ang iskedyul ng pagbibigay ay nagtatadhana ng maagang pagbibigay ng pinansiyal na tulong upang tulungan ang mga estudyante sa mga aklat-aralin at ibang mga panimulang gastos sa kolehiyo. Ang panghuli o ikalawang pagbibigay ay gagawin sa estudyanteng nakaenrol sa pamamagitran ng panahon ng pagdagdag/pagbaba. Ang ikalawang pagbibigay ay isang binagong pagkalkula ng pinansiyal na tulong batay sa kasalukuyang pinag-enrolang mga yunit.

Para sa mga nahuling aplikante (ang mga estudyanteng ginawaran pagkaraan ng unang pagbibigay), ang pinansiyal na tulong ay dapat gawin sa pamamagitan ng isang pagbibigay lamang alinsunod sa aktuwal na pagpapaenrol sa panahon ng pagbibigay. Gayon din, ang pinansiyal na tulong sa takdang panahon na tag-init ay gagawin sa pamamagitan ng isang pagbibigay (Pell lamang) batay sa aktuwal na pagpapaenrol sa panahon ng pagbibigay.

Ang pagbibigay ng pinansiyal na tulong para sa Maiikling kurso ay batay sa pinag-enrolang mga yunit kasabay ng gawad.

Mga Gawad na CAL GRANT

Simula sa Taglagas ng 2002, ang pagbibigay ng Cal Grant ay gagawin minsan sa bawat takdang panahon kasama ng ikalawang pagbibigay ng Pell Grant batay sa pagpapaenrol sa panahon ng pagbibigay.

MGA TSEKE NG STAFFORD LOAN

Ang mga tseke ng Federal Stafford Loan ay ibinibigay nang dalawang beses sa taon ng pag-aaral, isang tseke kada semestre. Ang mga estudyanteng pumapasok ng isa lamang semestre ay tumatanggap ng dalawang tseke ng utang sa panahon ng semestre. Ang Cashier's Office ay magpapakoreo ng iyong tseke ng utang sa bangko pagkatapos gawin ang pagtasa ng pagpapaenrol (dapat kang magpaenrol sa hindi kukulangin sa 6 na yunit). Responsibilidad ng estudyante na siguraduhin na ang Admissions and Records Office (Opisina ng Pagtanggap at mga Rekord) ay may kasalukuyang address na pangkoreo mo. Ang mga humiram sa unang pagkakataon sa unang taon ng kanilang programa ay hindi makakatanggap ng unang tseke hanggang 30 araw pagkaraan ng pagsisimula ng kanilang unang semestre.

MGA TSEKE NG FEDERAL WORK STUDY

Ang Payroll Office (Opisina ng Pasahod) ay gumagawa ng mga tseke ng Federal Work Study para ibigay minsan sa isang buwan, batay sa mga oras na ipinagtrabaho sa naunang buwan. Dapat kang magsumite ng kard ng oras para sa naunang buwan upang mabayaran para sa mga oras na nagtrabaho ka.

KINAKAILANGANG IDENTIPIKASYON: Kung gumawa ka ng naunang pakikipag-ayos sa Cashier's Office upang kunin ang iyong tseke ng pinansiyal na tulong, kailangang magharap ka ng isang uri ng ID na may retrato (tulad ng Lisensiya ng Drayber sa California o Kard ng Identipikasyon ng California). Kung mayroon kang mga katanungan, puwede mong kontakin ang Cashier's Office sa (925) 685-1230 Ext. 2084.

PATAKARAN SA MULING PAG-ISYU NG TSEKE

Ang mga tseke ng muling pag-isyu ay hinahawakan ng Cashier's Office. Kapag humihiling ng muling pag-isyu para sa mga estudyanteng hindi tumanggap ng kanilang mga tseke ng Pagsasauli ng Pera o Pinansiyal na Tulong; mangyaring sundin ang sumusunod na patakaran:

1) Walang muling inisyu na aayusin ng Cashier's Office hanggang 10 araw ng trabaho pagkaraan ng petsa ng pagbibigay ng orihinal na tseke.
2) Pagkatapos pirmahan ng estudyante ang kahilingan para sa muling pag-isyu, maaaring umabot ng hanggang dalawang linggo bago matanggap ang bagong tseke sa koreo.
3) Kung mayroon kang mga katanungan o kailangan ng karagdagang impormasyon, ang Cashier's Office ay matatagpuan sa Business Education Building – Unang Palapag, o puwede mo silang kontakin sa (925) 685-1230 Ext. 2084

MANGYARING SIGURADUHIN NA ANG IYONG KASALUKUYAN ADDRESS AY NASA FILE SA ADMISSIONS AND RECORDS OFFICE.

PATAKARAN SA KASIYA-SIYANG PAGSULONG SA PAG-AARAL (SATISFACTORY ACADEMIC PROGRES [SAP])

Upang maging karapat-dapat sa federal na pinansiyal na tulong, ang isang estudyante ay dapat gumawa ng mga kasiya-siyang pagsulong sa pag-aaral. Ang Distrito ng Kolehiyong Pangkomunidad ng Contra Costa ay nagpatibay ng sumusunod na patakaran sa kasiya-siyang pagsulong sa pag-aaral, na naglalaman ng mga sangkap na tinukoy sa federal na mga regulasyon.

1. MGA KINAKAKAILANGAN UKOL SA KALIDAD

Lahat ng estudyante ng pinansiyal na tulong ay kinakailangang magpanatili ng pinakamababang semestre at kabuuang grade point average na hind kukulangin sa 2.00.

2. MGA KINAKAILANGAN UKOL SA DAMI

A. Pinakamahabang Takdang Panahon

Lahat ng estudyanteng nasa pinansiyal na tulong ay aasahang kumpletuhin ang kanilang programa sa loob ng 150% ng nakalathalang tagal ng programa. Ang mga estudyanteng nakaenrol sa 60-yunit na AA/AS, 4 na taong paglipat, o bokasyonal na mga programa ay aasahang makumpleto ang kanilang programa sa oras na *magtangka* sila ng 90 yunit. Ang mga estudyanteng nakaenrol sa bokasyonal na mga programa na kulang sa 60 yunit ay bibigyan ng pinakamahabang takdang panahon *(tinangkang mga yunit)* na 150% ng tagal ng kanilang programa.

B. Antas ng Pagkumpleto

Upang sukatin kung ang mga estudyante ay sumusulong patungo sa pagkumpleto ng kanilang kurso sa loob ng pinakamahang takdang panahon, ang CCCCD ay magtitimbang ng antas ng pagkumpleto ng mga estudyanteng nasa pinansiyal na tulong sa pagitan ng mga panahon. Sa bawat pagitan, ang mga estudyante ay aasahang makumpleto ang hindi kukulangin sa 67% ng lahat ng unit na tinangka na may 2.00 grade point average. Ang mga klase na may markang A, B, C, D, at CR (credit) ay isasaalang-alang para sa nakumpletong pagsulong. Ang mga klase na may mga mga markang F, NC (no credit), I (incomplete), RD (grade withheld), at IP (in progress) ay hindi ituturing na kumpleto. Lahat ng klaseng kinuha sa ibang mga institusyon sa pamamagitan ng isang kasunduan ng mga tagatustos ay isasama sa pagtasa ng antas ng pagkumpleto.

3. MGA DAGDAG

Ang pagsulong sa pag-aaral ng mga estudyanteng nasa pinansiyal na tulong ay titimbangin tatlong beses sa bawat taon ng pag-aaral – minsan pagkaraan ng taglagas, minsan pagkaraan ng takdang panahon ng tagsibol, at minsan pagkaraan ng tag-init. Ang pagsulong ay titimbangin sa sandaling ang mga marka para sa naunang takdang panahon ay ipinahayag.

4. PROBASYON SA PINANSIYAL NA TULONG

Kapag ang pagsulong sa pag-aaral ng mga estudyanteng nasa pinansiyal na tulong ay tinimbang, ang mga estudyante na ang grade point average sa semestre at/o sa kabuuan ay mas mababa sa 2.00 o ang kabuuang antas ng pagkumpleto ay mas mababa sa 67% ay ilalagay sa Probasyon sa Pinansiyal na Tulong. Bilang karagdagan, ang mga estudyante na lumilipat sa isang kolehiyo ng CCCCD o nagpapatuloy na mga estudyante ng CCCCD, pero hindi pa nakakapag-aplay para sa pinansiyal na tulong, ay ilalagay sa Probasyon sa Pinansiyal na Tulong kung ang kanilang kabuuang grade point average ay mas mababa sa 2.00 o kung ang kanilang kabuuang antas ng pagkumpleto ay mas mababa sa 67%. Ang mga Estudyanteng nasa Probasyon sa Pinansiyal na Tulong ay magiging karapat-dapat sa pinansiyal na tulong sa takdang panahon na ang mga ito ay inilagay sa probasyon (mangyaring sumangguni sa Patakaran sa Utang sa pahina 9). Pagkatapos ng panahon ng probasyon,

kung ang GPA ng isang estudyante at antas ng pagkumpleto ay nakakatugon sa pinakamababang pamantayan ng Distrito, ang estudyante ay hindi na ilalagay sa Probasyon sa Pinansiyal na Tulong. Ang mga estudyanteng hindi nakakatugon sa pamantayan sa GPA at antas ng pagkumpleto ay ilalagay sa Pagsuspinde ng Pinansiyal na Tulong.

5. PAGSUSPINDE NG PINANSIYAL NA TULONG

Ang mga estudyante na may dalawang magkasunod na pagtimbang kung saan nabigo silang panatilihin ang mga kinakailangang grade point average o antas ng pagkumpleto ay ilalagay sa Pagsuspinde ng Pinansiyal na Tulong. Bilang karagdagan, ang mga estudyanteng lumampas sa pinakamahabang takdang panahon ay ilalagay sa Pagsuspinde ng Pinansiyal na Tulong.

6. PAGBABALIK NG PINANSIYAL NA TULONG

Ang mga estudyanteng sinuspinde dahil sila ay may dalawang magkasunod na pagtimbang na nabigong makatugon sa mga kinakailangang pinakamababang grade point average o antas ng pagkumpleto ay ibabalik kung makatugon sila sa mga kinakailangang grade point average at antas ng pagkumpleto sa susunod na pagtimbang. Responsibilidad ng estudyante na ipagbigay-alam ang pagbabago sa Financial Aid Office.

7. APELA SA PAGSUSPINDE NG PINANSIYAL NA TULONG

Ang mga estudyanteng inilagay sa Pagsuspinde ng Pinansiyal na tulong ay maaaring umapela. Ang mga estudyanteng lumampas sa pinakamahabang takdang panahon at nabigong magpanatili ng pinakamababang pamantayan sa pag-aaral ay uutusang makipagkita sa isang tagapayo sa pag-aaral para sa planong pang-edukasyon na tumpak na nagpapakita ng kanilang mga hangarin sa loob ng distrito. Bilang karagdagan, hihingin sa mga estudyante na magsumite ng isang liham ng apela, na nagpapaliwanag ng kanilang partikular na kalagayan, gayon din ng anumang karagdagang pansuportang dokumenasyon, tulad ng pahayag ng isang doktor. Ang mga estudyanteng inaprubahan ng komite sa apela ay ilalagay sa Pagsuspinde ng Pinansiyal na Tulong kung nabigo silang magpanatili ng grade point average o antas ng pagkumpleto. Bilang karagdagan, ang mga estudyanteng hindi nakatapos ng kanilang programa sa pag-aaral sa loob ng takdang panahong iginawad ng komite sa apela ay ilalagay sa Pagsuspinde ng Pinansiyal na Tulong.

8. MGA INULIT NA KURSO

Ang mga estudyante ay pinahihintulutang ulitin ang mga klase para sa pinansiyal na tulong, sa kondisyong ang mga klase ay ipinahihintulot sa ilalim ng patakaran sa pag-ulit ng Distrito na tinukoy sa katalogo ng kolehiyo. Lahat ng inulit ng kurso ay isasama sa pagtasa ng pinakamahabang takdang panahon

9. MGA KURSO SA PAGLIPAT

Ang mga kursong kinuha sa ibang mga institusyon ay ibibilang kapag ang pagkalkula ng pinakamahabang takdang panahon ng estudyante, sa kondisyon ang mga kurso ay para sa mga kinakailangan sa digri o sertipiko sa Diablo Valley College. Ang mga kurso sa mga paaralan ukol sa pag-aari at hanapbuhay ay pangkaraniwang hindi tinatanggap para sa kredito sa mga kinakailangan sa digri o sertipiko ng distrito. Ang mga kurso sa mataas na dibisyon mula sa apat-na-taong mga kolehiyo at unibersidad ay ibibilang kapag kinakalkula ang pinakamahabang takdang panahon. Lahat ng estudyanteng may Digring Batsilyer ay ituturing na nakalampas sa pinakamahabang takdang panahon at dapat aprubahan ng komite sa apela bago pondohan (para sa utang lamang ng estudyante). Ang mga kursong banyaga ay ibibilang kung ang mga ito ay propesyonal na sinuri at tinanggap ng Distrito. Ang mga estudyanteng may Digring Batsilyer sa ibang bansa ay ituturing din na nakalampas sa pinakamahabang takdang panahon.

10. MGA KURSONG INGLES BILANG PANGALAWANG WIKA

Ang kursong English as a Second Language (ESL) ay hindi ibibilang kapag ipinasiya ang natitirang pinakamahabang takdang panahon para sa isang estudyante. Ang pagsulong sa pag-aaral sa mga kursong ESL ay isasaalang-alang kapag tinatasa ang kabuuang grade point average at kabuuang antas ng pagkumpleto ng estudyante.

11. MGA KURSONG PANREMEDYO

Ang unang 30 panremedyong kurso sa Ingles at Matematika na tinangka ay hindi ibibilang sa pagpapasiya ng natitirang pinakamahabang takdang panahon para sa isang estudyante. Ang pagsulong sa pag-aaral sa mga panremedyong kursong ito ay isasaalang-alang kapag tinatasa ang kabuuang grade point average at kabuuang antas ng pagkumpleto ng estudyante.

12. MGA DI-NAKUMPLETONG KURSO

Ang “I” (incomplete) ay ituturing na “tinangka”, pero hindi ituturing na “nakumpleto”. Kung ang markang “I” ng estudyante ay nagbago sa isang takdang panahon, responsibilidad ng estudyante na ipagbigay-alam ang pagbabago sa Financial Aid Office. Kung ang pagbabago ng marka ay makakaapekto sa pagiging karapat-dapat ng estudyante sa pinansiyal na tulong,

ang Financial Aid Office ay gagawa ng muling pagkalkula sa takdang panahon. Kung hindi, ang pagbabago ng marka ay hindi isasaalang-alang sa kabuuang antas ng pagkumpleto hanggang sa susunod na karagdagang pagtasa.

ESPESYAL NA MGA PAGSASALANG-ALANG NA "SAP"

PAGKALKULA NG ANTAS NG PAGKUMPLETO

Ang pagkalkula ng antas ng pagkumpleto ay gaya ng sumusunod:

$$\frac{\text{Mga Yunit na Nakumpleto}}{\text{Mga Yunit na Tinangka}} = \text{Anitas ng Pagkumpleto}$$

PAGLABAS AG MGA MARKANG DI-NAKUMPLETO

Isasama ang mga klase ng mga estudyanteng tumigil sa klase o tumanggap ng mga markang "di-nakumpleto" sa "pagkalkula ng antas ng pagkumpleto". Ang mga Paglabas at mga Di-nakumpleto ay isasama sa lahat ng klaseng tinangka.

MGA MARKANG "F" AT WALANG KREDITO

Ang mga estudyanteng tumanggap ng mga markang "F" o "NC" (no credit) ay hindi tatanggap ng kredito para sa mga klaseng tinangka. Ang mga klaseng ito ay hindi ituturing na nakumpleto.

MGA MARKANG "D" O MAS MABUTI AT KREDITO

Ang mga estudyanteng tumanggap ng mga markang "D" o mas mabuti at "CR" (credit) ay tatanggap ng kredito para sa mga klaseng tinangka. Ang mga klaseng ito ay ituturing na nakumpleto.

MGA INULIT NA KURSO

Diablo Valley College, Financial Aid ay susunod sa patakaran ng CCCCD tungkol sa mga inulit na kurso.

PAGSULONG SA MGA SESYON SA TAG-INIT

Ang pagsulong ng estudyante sa sesyon sa tag-init ay ibibilang kapag tinasa ang kabuuang antas ng pagkumpleto at kabuuang grade point average.

PAGKUMPLETO NG LAYUNIN SA EDUKASYON

Sa sandaling matupad mo ang iyong hangarin sa edukasyon sa Diablo Valley College, hindi ka na karapat-dapat sa karagdagang pinansiyal na tulong. Gayunman, maaari kang umapela sa pamamagitan ng pakikipagkita sa isang tagapayo sa pag-aaral para makabuo ng isang planong pang-edukasyon na tumpak na nagpapakita ng iyong mga hangarin sa Distrito. Bilang karagdagan, kinakailangang magsumite ka ng isang liham ng apela na nagpapaliwawnag ng iyong partikular na kalagayan.

PAANO KUNG LUMABAS AKO MULA SA DIABLO VALLEY COLLEGE?

Kung ganap kang lumabas sa mga klase sa panahon ng tuition at pagsasauli ng fee ng Kolehiyo at ang isang Board of Governor's Grant (BOGG) Fee Waiver ay nagbayad ng iyong mga fee, **hindi ka tatanggap ng pagsasauli ng mga fee na ibinayad ng BOGG.** Kung hindi ka tumanggap ng isang BOGG Fee Waiver at ang iyong pinansiyal na tulong ay ginamit upang bayaran ang iyong tuition at mga fee, ang pagsasauli sa iyo ay ibabatay sa patakaran sa pagsasauli ng Kolehiyo. Puwede mong kontakin ang Cashier's Office sa (925) 685-1230 Ext. 2084 para sa detalyadong patakaran sa pagsasauli.

Kung may mga klaseng itinigil mo pero hindi ka ganap na lumabas, ang pagbibigay ng pinansiyal na tulong sa iyo ay maaaring iakma alinsunod sa iyong antas ng pagpapaenrol. Ang bahaging paglabas ay puwedeng magkaroon ng negatibong epekto sa iyong Satisfactory Academic Progress, pero hindi karaniwang nangangailangan ng pagbabayad ng mga pondo.

MGA KINAKAILANGAN SA PAGBABAYAD

Alinsunod sa Pampublikong Batas 105-244, ang mga estudyanteng tumanggap ng federal na pinansiyal na tulong at ganap na lumabas sa lahat ng klase bago nakakumpleto ng higit sa 60% ng semestre ay uutusang ibalik ang anumang *di-kinitang* federal na mga pondo. Ang halaga ng pagbabayad ay kakalkulahin nang ayon sa proporsiyon batay sa bilang ng mga araw ng kalendaryo sa takdang panahon. Ang kita sa Federal Work Study ay hindi kasama sa pagkalkula. Ang Pell Grant, FSEOG, at Stafford Loans (Titulo IV federal na pinansiyal na tulong) ay isasama sa pagkalkula. Ang mga tumatanggap ng utang na Stafford ay dapat kontakin ang (mga) nagpapautang para sa karagdagang pakikipag-ayos sa pagbabayad. Ang petsa ng paglabas ng estudyante para sa pagkalkula ng pagbabayad sa isang pondong Titulo IV ay:

- Ang petsa na ang estudyante ay nagbigay ng paunawa sa sulat sa Admissions Office na gusto niyang lumabas.

- Ang kalagitnaan ng semestre para sa mga estudyante na hindi opisyal na lalabas,
- Ang petsang ipinahayag ng tagapagturo na nagpapabatid ng huling petsa ng pagpasok sa klase ng estudyante.

Ang Financial Aid Office ay tutukuyin kada linggo—sa pamamagitan ng 60% puntos sa isang takdang panahon – lahat ng estudyante na ganap na lumabas sa pamamagitan ng isa mga paraang ipinakita sa itaas. Ibabalik ng Diablo Valley College ang anumang pondo mula sa institusyon patungo sa programa at kasabay na pasasabihan ang estudyante ng anumang pondong dapat niyang bayaran. Kung hindi nakatanggap ang estudyante ng anumang di-kinitang pondo, siya ay pasasabihan na makukuha ang mga pondong ito. Ang pagpapasiya ng pagbabayad ay gagawin sa loob ng tatlumpung araw ng paglabas. Kung ang estudyante ay hindi opisyal na lumabas, ang pangwakas na mga ulat ng marka ay gagamitin upang ipasiya ang petsa ng paglabas at ibabalik ng Diablo Valley College ang mga pondo at pasasabihan ang mga estudyante sa loob ng 30 araw pagkaraang matanggap ang mga pangwakas na marka.

PAANO KINAKALKULA ANG IBABALIK NA HALAGA NG TULONG NA TITULO IV?

Ang persentahe ng tulong na Titulo IV na kinita (maaaring panatilihin ng estudyante ang pera) ay pinagpapasiyahan gaya ng sumusunod:

- [*Bilang ng mga araw na nakumpleto ng estudyante*] ÷ [*Bilang ng mga araw ng kalendaryo sa takdang panahon*] = persentahe ng Titulo IV na kinita.
- [*Halaga ang mga pondong Titulo IV na karapat-dapat tanggapin ng estudyante sa takdang panahon*] x [*Peresentahe ng Titulo IV na kinita*] = ang halaga ng tulong na Titulo IV na **kinita** ng estudyante at karapat-dapat na manatili sa kanya.
- Kung ang **kinitang** halaga ay mas malaki sa halagang **natanggap** ng estudyante, ang estudyante ay dapat tumanggap ng karagdagang pera. Pasasabihan an estudyante ng halagang puwedeng ibigay.
- Kung ang **kinitang** halaga ay mas mababa sa halagang **natanggap** ng estudyante, ang pagbabayad ng mga pondong Titulo IV ay dapat gawin.

Ang persentahe ng tulong na Titulo IV na di-kinita (dapat ibalik ng estudyante ang pera) ay pinagpapasiyahan gaya ng sumusunod:

- Ibawas ang halaga ng tulong na **kinita** mula sa kabuuang pinansiyal na tulong na **ibinigay** = ang halaga ng tulong na ibabalik o ang **di-kinitang** pinansiyal na tulong ng estudyante.
- Ibawas ang pagbabayad sa kolehiyo mula sa halagang ipinakita sa itaas (ang **di-kinitang** bahagi ng mga fee ng kolehiyo).
- Kung ang estudyante ay tumanggap ng kaloob, 50% ng balanseng dapat bayaran ay ibabawas mula sa utang. Ang natitirang halagang dapat bayaran ay dapat gamitin sa pagbabayad ng mga federal na pondo kung saan natanggap ang pinansiyal na tulong. Ang pagbabayad ay gagawin sa mga pondong Titulo IV sa sumusunod na hanay:
    a) Di-tinustusang Stafford Loans
    b) Tinustusang Stafford Loans
    c) Pell Grant
    d) Federal Supplemental Educational Opportunity Grant (FESOG)

Ang pagbabayad ay hihingin sa loob ng 30 araw o bago lumampas ang huling araw ng takdang panahon ng kumpletong paglabas. Ang mga pagbabayad ng gawad ay iuulat *kaagad* sa Federal na Pamahalaan. Kung hindi nabayaran ng estudyante ang utang, ang estudyante ay iuulat sa Federal Debt Collection Center sa Greenville, Texas. **Sinumang estudyanteng may utang sa kaloob ay hindi magiging karapat-dapat sa anumang federal na pinansiyal na tulong hanggang mabayaran ang utang.** Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga kinakailangang pagbabayad, mangyaring kontakin ang Financial Aid Office sa (925) 685-1230 Ext. 2290 o 2363 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagkalkula o sa bunga ng kumpletong paglabas.

MGA HALIMBAWA NG MGA PAGKALKULA NG PAGBABALIK NGTITULO IV

Halimbawa Blg. 1

Si Marcia, isang residente ng California, ay pumasok sa Diablo Valley College sa semestre ng taglagas. Siya ay nag-enrol nang buong panahon at karapat-dapat tumanggap ng Pell Grant para sa $1650 at isang SEOG Grant para sa $500. Tumanggap siya ng unang tseke para sa $950 (kalahati ng kanyang pagiging karapat-dapat sa kaloob sa buong takdang panahon) sa ikalawang linggo ng takdang panahon. Saka, sa ikaapat na linggo, lumabas siya mula sa lahat ng kanyang klase. Pagkatapos kumpletuhin ang "Return to Title IV Calculation", ipinasiya ng Diablo Valley College na siya ay nag-enrol sa 13.1% ng takdang-panahon at kinakailangang ibalik (bayaran) ang $336.86.

Halimbawa Blg. 2

Si Kyle, isang residente ng California na nagtapos kamakailan sa mataas na paaralan, ay pumasok sa DVC sa semestre ng taglagas. Tumanggap siya ng tseke ng pinansiyal na tulong para sa $725 (na kabilang ang isang Pell Grant para sa

$625 at isang SEOG Grant na pagbabayad para sa $100) sa ika-1 na linggo ng takdang panahon. Sa ika-10 linggo, tumanggap siya ng isa pang tseke ng pinansiyal na tulong para sa $725, para sa kabuuang $1450. Sa simula ng ika-12 linggo, itinigil ni Kyle ang tatlo sa kanyang mga klase at namalaging nakaenrol sa isa lamang 3-yunit na kurso. *Kinakailangan bang magbayad siya ng alinman sa pinansiyal na tulong na natanggap niya?* Hindi. Ang mga pagkalkula ng Pagbabalik sa Titulo IV ay kinakailangan lamang kung ang lumabas ang estudyante mula sa **laha**t ng klase. Gayunman, si Kyle ay magkakaroon ng antas ng pagkumpleto na mas mababa sa kinakailangang pinakamababang 67%, at ilalagay sa probasyon ng pinansiyal na tulong para sa takdang panahon ng tagsibol.

PAG-ENROL SA DALAWA O HIGIT NA KOLEHIYO NG CCCCD SA LOOB NG IISANG TAON NG PAG-AARAL

Ang Diablo Valley College, Contra Costa College, atd Los Medanos College ay pumirma ng isang kasunduan ng tumutustos tungkol sa mga estudyanteng nasa pinansiyal na tulong na nakaenrol sa dalawa o higit na kolehiyo ng CCCCD sa iisang taon ng pag-aaral.

Ang layunin ng kasunduang ito ay ipahintulot sa mga estudyante ng CCCCD ang "kakayahang mag-akma sa kanilang pagpapaenrol" habang nagtatrabaho patungo sa kanilang mga hangarin sa pag-aaral sa loob ng Distrito. Ang kasunduang ito ay magpapahintulot sa mga estudyante na mag-enrol sa higit sa isang kampus ng Distrito habang tumatanggap ng pinansiyal na tulong. Ang mga yunit mula sa lahat ng kampus ng Distrito ay ibibilang para sa pagpapasiya ng ipagkakaloob na pinansiyal na tulong.

Para sa layunin ng kasunduang ito, ang kampus na nakaenrol ang estudyante sa karamihan ng kanilang yunit ng semestre sa petsa ng unang pagbibigay ng pinansiyal na tulong ay ituturing na **TAHANANG** kampus at ang ibang (mga) kampus ay ituturing na mga **NAG-ANYAYANG** kampus para sa taon ng pag-aaral. Ang mga estudyanteng nakinabang mula sa kasunduang ito ay magiging karapat-dapat sa pinansiyal na tulong sa TAHANANG kampus lamang. Ang TAHANANG kampus ay magiging responsable sa pagbibigay ng mga pondo at sa pagsubaybay sa pagiging karapat-dapat ng estudyante sa pinansiyal na tulong. Ang TAHANANG kampus ay magiging responsable sa pagsubaybay ng Satisfactory Academic Progress.

Upang makinabang sa kasunduang ito, ang isang estudyante ay dapat na:

1) nakaenrol sa isang karapat-dapat na programa na humahantong sa isang digri, sertipiko, o paglipat na programa sa isa sa mga institusyon ng Distrito;
2) ay nag-aplay para sa at tumanggap ng isang balidong Student Aid Report;
3) nagbayad o hindi sobra ang natanggap mula sa Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon).

MGA KARAPAT-DAPAT NA PROGRAMA NG PAG-AARAL

Ang mga estudyanteng nakaenrol sa mga sumusunod na programa ng pag-aaral AY KARAPAT-DAPAT tumanggap ng federal na pinansiyal na tulong:

- ☑ Lahat ng programa ng Diablo Valley College na humahantong sa paglipat sa isang apat-na-taong institusyon
- ☑ Lahat ng programa ng Diablo Valley College na humahantong sa digring Associate in Arts/Science
- ☑ Lahag ng bokasyonal na programa ng Diablo Valley College na humahantong sa isang Certificate of Achievement
- ☑ Mga bokasyonal na programa ng Diablo Valley College na hindi kukulangin sa isang taon ang haba – humahantong sa isang sertipiko

Ang mga estudyanteng nakaenrol sa mga sumusunod na programa ng pag-aaral AY HINDI KARAPAT-DAPAT tumanggap ng federal na pinansiyal na tulong:

- ☑ Mga programa para sa sertipiko ng Diablo Valley College na may 16 na yunit o mas kaunti:
    - Negosyo – Lisensiya ng Ahente ng Tunay na Ari-arian
    - Maagang Edukasyon ng Bata – Kasamang Guro
    - Espesyalista sa CISCO
    - Tekniko ng Computer
    - Multimedia – Basiko
    - Pag-aaral ng Industriya ng Musika
    - Teknolohiya ng Laboratoryo Ukol sa Ngipin
- ☑ Bilang karagdagan, ang mga estudyante, na wala sa isang ispesipikong kurso ng pag-aaral, pero kumukuha ng mga klase para sa paglilinang ng sarili, ay hindi karapat-dapat tumanggap ng federal na pinansiyal na tulong.

MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD

IKAW AY MAY KARAPATANG:

- Malaman ang mga programang pinansiyal na tulong;
- Malaman ang huling-araw sa pagsumite ng mga aplikasyon para sa bawat isa sa mga programa;
- Bigyan ng kaalaman tungkol sa mga patakaran at pamamaraan sa pinansiyal na tulong;
- Malaman kung paano pinagpapasiyahan ang iyong pinansiyal na pangangailangan at anong mga kakayahan (tulad ng iyong kita, kayamanan, kontribusyon ng magulang, at ibang pinansiyal na tulong) ang isinasaalang-alang sa pagkalkula ng pangangailangan;
- Malaman kung magkano sa iyong karapatan sa pinansiyal na tulong ang natugunan gaya ng ipinasisya ng Financial Aid Office;
- Malaman kung anong bahagi ng iyong pinansiyal na tulong ang dapat bayaran, at anong bahagi ang regalo o tulong na natanggap mula sa pagtatrabaho;
- Malaman kung paano ipinapasiya ng Financial Aid Office kung ikaw ay nakakagawa ng kasiya-siyang pagsulong sa pag-aaral at ano ang mga bunga kung hindi;
- Humiling ng paliwanag ng iba-ibang programa ng iyong pakete ng pinansiyal na tulong;
- Malaman ang mga takda ng anumang utang na natanggap mo, at ang iyong mga karapatan sa pag-antala, pagkansela, at pagtanggi.

IKAW AY MAY RESPONSIBILIDAD NA:

- Kumpletuhin ang lahat ng porma ng aplikasyon nang tumpak at isumite ang mga ito sa tamang oras;
- Magbigay ng tamang impormasyon, dahil ang pagbibigay ng hindi totoong impormasyon sa mga aplikasyon para sa pinansiyal na tulong ay isang paglabag sa Federal na batas at maaaring isang krimen;
- Ibalik ang lahat ng dokumentasyon, pagberipika, pagwawasto, at/o bagong impormasyong hiniling ng Financial Aid Office o ng ahensiya kung saan ka nagsumite ng iyong aplikasyon sa tamang panahon;
- Basahin at unawain ang lahat ng pormang pinapirmahan sa iyo at mag-ingat ng mga kopya ng mga ito;
- Tanggapin ang responsibilidad para sa lahat ng kasunduang pinirmahan mo;
- Bayaran ang lahat ng utang, kabilang ang interes sa mga utang na ito;
- Gampanan ang trabaho na pinagkasunduan sa pagtanggap ng Federal Work Study sa kasiya-siyang paraan;
- Alamin ang mga pamamaraan sa pagsasauli ng pera at pagbabayad;
- Kung ikaw ay tumatanggap ng utang ng estudyante, pasabihan ang nagpapautang sa iyo, ang Diablo Valley College – Financial Aid and Admissions and Records Office ng tungkol sa mga pagbabago ng tirahan, pangalan, at/o kalagayan sa pagpapaenrol;
- Kung mayroon kang utang, dumalo sa Panayam Ukol sa Paglabas sa Utang sa bawat semestre;
- Magharap sa tamang oras ng lahat ng kinakailangang porma para sa pag-antala o pagkansela ng utang ng estudyante;
- Iulat ang pagbabago sa impormasyong ginamit upang pagpasiyahan ang iyong pagiging karapat-dapat, kabilang ang pangalan, sukat ng pamilya, o mga pinansiyal na kakayahan;
- Pasabihan kaagad ang Financial Aid Office kung lumabas ka mula sa paaralan o binawasan ang pagpapaenrol.

SAAN AKO MAKAKAKUHA NG KAALAMAN TUNGKOL SA IBANG MGA URI NG TULONG?

Ang EOPS (Extended Opportunity Programs and Services) ay nagbibigay ng mga serbisyong suporta sa pag-aaral para sa maliit ang kita, mga estudyanteng kulang sa kahandaan sa pag-aaral. Kontakin ang EOP&S Office sa (925) 685-1230 Ext. 2236 o 2366 para sa karagdagang impormasyon. Ang mga ito ay matatagpuan sa Student Services Building.

Ang DSPS (Disabled Student Programs and Services) ay nagbibigay ng mga kaluwagan (tulad ng tulong sa pagpunta sa dapat puntahan, espesyal na paradahan, pagpapahiram ng espesyal na kagamitang pang-agpang) sa mga estudyanteng may mga

kapansanan. Tawagan ang DSPS sa (925) 685-1230 Ext. 2276 para sa karagdagang impormasyon. Ang mga ito ay matatagpuan sa Learning Center.

ANG MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA BENEPISYO NG BETERANO at sertipikasyon ay ibinibigay sa pamamagitan ng Admissions and Records Office. Tawagan ang (925) 685-1230 Ext. 2326 para sa karagdagang impormasyon. Ang Admissions and Records Office ay matatagpuan sa Business Education Building – Unang Palapag.

ANG IMPORMASYON TUNGKOL SA ISKOLARSIP at mga aplikasyon para sa lokal na mga iskolarsip ay pinag-uugnay sa pamamagitan ng Scholarship Program Office. Narito ang ilang web site na nagbibigay ng libreng serbisyong paghahanap: WiredScholar.com, Collegeboard.com. Scholarships.com, FastWeb.com. Ang Diablo Valley College Scholarship Application ay makakuha mula Nobyembre 1 hanggang Pebrero 3. Tumawag sa (925) 685-1230 Ext. 2559 para sa karagdagang impormasyon. Ang mga ito ay matatagpuan sa Administration Building, Silid 115. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iskolarsip, mangyaring sumangguni sa apendise sa pahina 29.

Ang TOCC (Transfer Opportunity and Career Center) ay nagbibigay ng tulong para sa may tulong ng computer, on-line na pambansang paghahanap ng iskolarsip bilang karagdagan sa pag-aalay ng payo, pagtasa, listahan ng trabaho, at pagpaplano ng pag-aaral para sa paglipat sa ibang mga kolehiyo. Tawagan ang (925) 685-1230 Ext. 2588 para sa karagdagang impormasyon. Ang Transfer Center ay matatagpuan sa Counseling Center – Building C at sa Career Center (925) 685-1230 Ext. 2435 ay matatagpuan sa Technical Education Building. Ang Job Placement Center ay isang online na sistema para sa mga aplikante para maghanap, para sa bahaging-oras at buong-oras na permanente, maikling panahon, pana-panahon at pangkampus na trabaho, at kabilang ang mga karerang posisyon na may kaugnayan sa mga medyor sa kolehiyo; ang mga resume ay maaaring i-upload sa mga tagapag-empleyo sa pamamagitan ng sistemang ito. Ang mga estudyanteng hindi-DVC ay maaaring magbayad ng fee. Ang pakikipagtipan ay kailangan para sa espesyal na tulong. Ang Job Placement Center (925) 685-1230 Ext. 2370 ay matatagpuan sa Career Center sa Technical Education Building.

IMPORMASYON TUNGKOL SA SEGURIDAD NG KAMPUS/KARAPATAN NG ESTUDYANTENG MAKAALAM

Ang impormasyon tungkol sa mga estadistika ng krimen at mga kaugnay na pagtatanong ay makukuha sa Diablo Valley Secutiry Office, Building SS. Ang kanilang numero ng telepono ay (925) 685-1230 Ext. 2338.

PAHAYAG NG PANTAY NA PAGKAKATAON

Bilang pagsunod sa mga probisyon ng Title VI ng Batas ng 1964 sa mga Karapatang Sibil, Titulo IX ng mga Amyendang Pang-edukasyon ng 1972 (45 CRF 86), Batas ng 1973 sa Pagbabagong-tatag, Seksyon 504.104.7 at 104.8 A at B (PL93-112), at ang Batas ng 1992 sa mga Amerikanong may mga Kapansanan, at sa patakaran ng Diablo Valley College, ang Financial Aid Office ay hindi nagdidiskrimina batay sa edad, kasarian, oryentasyong sekswal, lahi, kulay, bansang pinagmulan, o kapansanan sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat sa pinansiyal na tulong.

IMPORMASYON TUNGKOL SA AKREDITASYON

Ang Diablo Valley College ay inaprubahan ng Office of the Chancellor (Opisina ng Chancellor) ng mga Kolehiyong Pangkomunidad ng California at lubos na may akreditasyon ng Western Association of Schools and Colleges (Kanlurang Kapisanan ng mga Paaralan at Kolehiyo), ang kinikilalang lokal na ahensiya ukol sa akreditasyon, na kasapi sa Federation of Regional Accrediting Commissions of Higher Education (Pederasyon ng Panrehiyong mga Komisyon sa Pagbibigay ng Akreditasyon ng Mataas na Edukasyon). Ang Office of Private Postsecondary Education (Opisina ng Pribadong Lampas sa Sekundaryong Edukasyon) ay nag-apruba din sa Diablo Valley College upang mag-alay ng mga kurso sa mga Beterano ng Estados Unidos para sa pagkulekta ng Batas ng 1985 sa mga Benepisyo ng mga Beterano. Ang mga ulat ng akreditasyon at pag-apruba ay makukuha para masurin sa Office of the President (Opisina ng Presidente). Ang Dental Assisting and Dental Hygiene Programs (Mga Programang Pagtulong Ukol sa Ngipin at Kalusugan ng Ngipin) ay binigyan ng akreditasyon ng Commission on Dental Accreditation (Komisyon sa Akreditasyon Ukol sa Ngipin) ng American Dental Association (Kapisanan sa Ngipin ng Amerika) at ng United States Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos). Ang Hotel and Restaurant Management-Culinary Arts Program (Programang Pamamahala ng Otel at Restoran-Sining ng Pagluluto) ay binigyan ng akreditasyonn ng American Culinary Federation Educational Institute (Instituto ng Edukasyon ng Pederasyon sa Pagluluto ng Amerika). Ang Respiratory Therapy Program (Programang Paglunas Ukol sa Paghinga) ay binigyan ng akreditasyon ng Commission on Accreditation of Allied Health Education Program (Komisyon sa Akreditasyon ng Kaugnay na Programang Edukasyon sa Kalusugan).

ANG IBANG IMPORMASYON AY MAAARING MAKUHA MULA SA

FEDERAL STUDENT INFORMATION CENTER para sa mga katanungan tungkol sa Federal na pinansiyal na tulong sa estudyante:

P.O. Box 84
Washington, D.C. 20044
8 a.m. – 8 p.m. Oras ng Silangan
(800) 4-FED-AID (1-800-433-3243)

FEDERAL PELL INFORMATION CENTER para sa mga katanungan o upang umorder ng isang kopya ng Student Aid Report:

(319) 337-5665

CALIFORNIA STUDENT AID COMMISSION para sa mga katanungan at impormasyon tungkol sa Cal Grants A, B, at C:

P.O. Box 510625
Sacramento, CA 94245-0625
(916) 445-0880
(800) 224-7268
http://www.csac.ca.gov/

IMMIGRATION & NATURALIZATION SERVICE (INS):

Appraiser's Building, Room 300
444 Washington Street
San Francisco, CA 94111
(800) 375-5883

FINANCIAL AID INFORMATION PAGE

Isang libre, masaklaw, obhetibo, at independiyenteng patnubay sa mga mapagkukunan ng pinansiyal na tulong sa estudyante, kabilang ang mga iskolarsip, inisponsor ng NASFAA (National Association of Student Financial Aid Administrators).
http://www.finaid.org/

FASTWEB

Isang libre, online na patnubay sa serbisyong paghahanap ng iskolarsip.
http://www.fastweb.org/

FAFSA on the Web

Isang bersiyon sa web ng Free Application for Federal Student Aid.
http://www.fafsa.ed.gov/

FEDERAL FINANCIAL AID SCHOOL CODES

Isang listahan ng mga kolehiyo at unibersidad na lumalahok sa programang FAFSA at ang kanilang mga kodigo ng paaralan sa federal na pinansiyal na tulong.
http://fafsa.ed.gov/fotw0203/fslookup.htm/

MGA WEBSITE TUNGKOL SA ISKOLARSIP

Scholarship Websites (isinapanahon noong Hunyo 10, 2003):

- FASTWEB: **http://www.fastweb.org/**
- Scholarship Search Engine: **www.scholarshipexperts.com**
- Scholarship Search Engine: **www.edupass.org/finaid**
- The College Help Network: **www.BlackExcel.org**
- Scholarships on the Net (1,500): **http://advocacy-net.com/scholarmks.htm**
- College Board Scholarship Search: **http://cbweb10p.collegeboard.org/fundfinder/html/fundfind01.html**
- CollegeNet's Database: **http://www.collegenet.com/mach25**
- Scholarships and Fellowships: **www.osc.cuny.edu/sep/links.html**
- Wired Scholar Scholarship Search: **www.wiredscholar.com/paying/scholarship_search/pay_scholarship_search.jsp**
- UC Berkeley Scholarships: **http://uga.berkeley.edu/fao/scholarships/**
- Ron Brown Scholar Program: **www.ronbrown.org**
- The Harry S. Truman: **www.truman.gov/**
- The Hispanic College Fund: **http://hispanicfund.org/scholar.html**
- Jackie Robinson Foundation: **www.jackierobinson.org/**
- McDonald's Education: **www.mcdonalds.com/countries/usa/community/education/scholarships/index.html**
- Target: **www.target.com/target_group/community_scholarship.jhtml**
- United Negro College Fund Merck Science Initiative: **www.uncf.org/merck/program.htm**

- Academy for Educational Development Fellowships: **http://ppia.aed.org/index.html**
- Minority Health Program: **www.ahcpr.gov/fund/minortrg.htm**
- Minority Scholarships (doctoral students in accounting): **www.aicpa.org/members/div/career/mini/fmds.htm**
- Research Program for Women & Minorities in the Sciences: **www.research.att.com/academic/urp.html**
- Tylenol: **http://scholarship.Tylenol.com/**
- Coca Cola: **http://www2.coca-cola.com/citizenship/education_scholarsfoundation.html**
- State Farm Insurance: **www.statefarm.com/foundati.htm**
- National Scholarships at all levels: **http://scholarships.kachinatech.com/com/scholars.html**
- College Fund/UNCF: **www.uncf.org/**
- Art, Film, Writing Scholarships/Competitions List: **www.xensei.com/users/adl/**
- Ambassadorial: **www.rotary.org/foundation/educational/amb_sch/**
- Methodist: **www.free-4u.com/Methodist_scholarships.htm**
- Gateway to 10 Free Scholarship Searches: **www.college-scholarships.com/free_scholarship_searches.htm**
- American Psychological Association (APA): **www.apa.org/students/funding.html**
- Coca-Cola Two Year College: **www.coca-colascholars.org/programs.html**
- Holocaust Remembrance: **http://holocause.hklaw.com/**
- Gates Millennium (major): **www.gmsp.org/nominationmaterials/read.dbm?ID=12**
- Saul T. Wilson (Veterinary): **www.aphis.usda.gov/mb/mrphr/jobs/stw.html**
- Thurgood Marshall Scholarship Fund: **www.thurgoodmarshallfund.org/**
- Presidential Freedom: **www.nationalservice.org/scholarships/**
- Microsoft Program: **www.microsoft.com/college/scholarships/minority.asp**
- William Randolph Hearst Endowed for Minority Students: **www.apsanet.org/PS/grants/aspen3.cfm**
- International Students Scholarships & Aid Help: **www.iefa.org/**

PANDARAYA

Ang isang estudyanteng nagtangkang makakuha ng pinansiyal na tulong sa pamamagitan ng pandaraya ay maaaring suspendihin mula sa Diablo Valley College at mula sa pinansiyal na tulong dahil sa hindi kasiya-siyang asal. Ang Kolehiyo ay puwedeng mag-ulat ng mga nasabing pangyayari sa lokal na tagapagpatupad ng batas, sa California Student Aid Commission, at/o sa Federal na Pamahalaan.